Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BLG. 11-16**
**May-akda: Kag. Mario C. Amante**

**NAGSUSUSOG SA SEKSYON 4N.02 (a) NG KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 08-04 NA TINATAWAG NA THE REVISED MUNICIPAL REVENUE CODE OF 2008 OF GENERAL TRIAS, CAVITE NA MULA SA "BI-ANNUALLY" O DALAWANG (2) TAON AY MAGIGING TATLONG (3) TAON ANG BISA NG PRANKISA NG DE-MOTOR NA TRAYSIKEL BAGO ITO IPAGPATULOY O I-RENEW SA PAREHO DIN NA HALAGA NG BUTAW.**

**SAPAGKAT,** itinatakda ng Seksyon 447 (3) (vi) ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na sa ilalim ng mga patnubay na itinakda ng Kagawaran sa Sasakyan at Komunikasyon, pamamahalaan ng Sanggunian ang pagpapatakbo ng mga traysikel at magbibigay ng mga prankisa para sa pagpapatakbo nito sa nalolooban ng teritoryong hurisdiksiyon ng bayan;

**SAPAGKAT,** ayon sa sulat-kahilingan ng Gentri Federation TODA sa isinagawang buwanang pulong noong ika-27 ng Nobyembre 2010 ay napagkasunduan ng Federation Officers na ang renewal ng prankisa ng mga de motor na traysikel mula dalawang (2) taon ay mabago at gawing tatlong (3) taon dahil sa hinaing ng mga miyembro ukol sa hina ng kita o biyahe, at patuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina at piyesa;

**SAPAGKAT,** matapos mapagtalakayan at mapag-aralan ng Lupon ng Transportasyon at Komunikasyon ang kahilingan ng Gentri Federation TODA, iminungkahi ni Kag. Mario C. Amante at pinangalawahan nina Kag. Carampot, Kag. Parin, Kag. Custodio, Kag. Salazar, Kag. Tacos, Kag. Culanding at Kag. Martinez, na

**PAGTIBAYIN, AT DAPAT PAGTIBAYIN** na susugan ang Seksyon 4N.02 ng Kautusang Pambayan Blg. 08-04 na tinatawag na The Revised Municipal Revenue Code of 2008 of General Trias, Cavite na mula sa "bi-annually" o dalawang (2) taon ay magiging tatlong (3) taon ang bisa ng prankisa ng de-motor na traysikel bago ito ipagpatuloy o i-renew sa pareho din na halaga ng butaw na makikilala na kautusang pambayan at mababasa ayon sa mga sumusunod:

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 11- 02**

**PAMBAYANG ALITUNTUNIN NA NAGPAPALAWIG SA PANAHON NG BISA NG PRANKISA PARA SA MGA DE MOTOR NA TRAYSIKEL SA BAYAN NG GENERAL TRIAS NA MULA SA "BI-ANNUALLY" O DALAWANG (2) TAON AY GAGAWIN ITONG TATLONG (3) TAON BAGO ITO MAIPAGPATULOY O MAI- RENEW SA PAREHO DIN NA HALAGA NG KAUKULANG BUTAW PARA DITO.**

**Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng General Trias, Cavite, na:**

**Seksyon 1. Titulo** - Ang Kautusang Pambayan na ito ay tatawaging Pambayang Alituntunin na Nagpapalawig sa Panahon ng Bisa ng Prankisa para sa mga De Motor na Traysikel sa Bayan ng General Trias na Mula sa "Bi-Annually o Dalawang (2) Taon ay Gagawin Itong Tatlong (3) Taon Bago Ito Maipagpatuloy o Mai-renew sa Pareho Din na Halaga ng Kaukulang Butaw Para Dito.

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.**

RICHARD R. PARIN, Kagawad
CHRISTOPHER N. CUSTODIO, Kagawad
LAMBERTO M. CARAMPOT, Kagawad
ARTURO P. TACOS, Kagawad
JIM DOMINIC M. CULANDING, Pangulo, SKF
WALTER C. MARTINEZ, Pangulo, ABC
KERBY J. SALAZAR, Kagawad
MARIO C. AMANTE, Kagawad

**KARUGTONG...pahina 2 ng Kapasiyahan Blg. 11-16:**

**NAGSUSUSOG SA SEKSYON 4N.02 (a) NG KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 08-04 NA TINATAWAG NA THE REVISED MUNICIPAL REVENUE CODE OF 2008 OF GENERAL TRIAS, CAVITE NA MULA SA "BI-ANNUALLY" O DALAWANG (2) TAON AY MAGIGING TATLONG (3) TAON ANG BISA NG PRANKISA NG DE-MOTOR NA TRAYSIKEL BAGO ITO IPAGPATULOY O I-RENEW SA PAREHO DIN NA HALAGA NG BUTAW.**

**Seksyon 2. Sakop – Sakop ng Kautusang Pambayan na ito ang lahat ng prankisa na ipagkakaloob, ipagpapatuloy o ipapa-renew simula sa taong 2011 kasama din ang mga nag-renew na ng prankisa simula Enero 2011.**

**Seksyon 3. Halaga - Ang halaga ng butaw para sa pagpapatuloy o pagre-renew ng prankisa ay mananatili sa Limandaan at Limampung Piso (P 550) ayon sa Seksyon 4N.02 (a) (1) ng Kautusang Pambayan Blg. 08-04.**

**Seksyon 4. Bisa - Ang Kautusang Pambayang ito ay magkakabisa matapos na ito ay maipaskil o mailathala ayon sa itinatakda ng batas.**

**PAGTIBAYIN DIN na bigyan ng sipi ng kapasyahan/kautusang ito ang mga tanggapan o mga kinauukulan na may kaugnayan dito para sa kanilang pagkakaalam at gabay.**

**PINAGTIBAY sa ilalim ng HULI/IKATLONG PAGBASA noong IKA-15 NG MARSO 2011.**

**ARTURO P. TACOS**
**Kagawad**

**LAMBERTO M. CARAMPOT**
**Kagawad**

**CHRISTOPHER N. CUSTODIO**
**Kagawad**

**RICHARD R. PARIN**
**Kagawad**

**MARIO C. AMANTE**
**Kagawad**

**KERBY J. SALAZAR**
**Kagawad**

**WALTER C. MARTINEZ**
**Pangulo, ABC**

**JIM DOMINIC M. CULANDING**
**Pangulo, SKF**

**RONALD A. LUMUNSAD**
**Kagawad**
**(On Leave)**

**FERNANDO P. CAMPAÑA**
**Pangalawang Punong Bayan**
**(On Leave)**

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.**

**KARUGTONG...pahina 3 ng Kapasiyahan Blg. 11-16:**

**NAGSUSUSOG SA SEKSYON 4N.02 (a) NG KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 08-04 NA TINATAWAG NA THE REVISED MUNICIPAL REVENUE CODE OF 2008 OF GENERAL TRIAS, CAVITE NA MULA SA "BI-ANNUALLY" O DALAWANG (2) TAON AY MAGIGING TATLONG (3) TAON ANG BISA NG PRANKISA NG DE-MOTOR NA TRAYSIKEL BAGO ITO IPAGPATULOY O I-RENEW SA PAREHO DIN NA HALAGA NG BUTAW.**

**PINATUNAYANG WASTO:**

**WENCESLAO P. CAMINGAY**
**Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MAURITO C. SISON**
**Pansamantalang Tagapangulo**

**BINIGYANG-PANSIN:**

**LUIS A. FERRER IV**
**Punong Bayan**

jrp/app/jdd/mjm

RICHARD R. PARIN, Kagawad
CHRISTOPHER N. CUSTODIO, Kagawad
LAMBERTO M. CARAMPOT, Kagawad
ARTURO P. TACOS, Kagawad
JIM DOMINIC M. CULANDING, Pangulo, SKF
WALTER C. MARTINEZ, Pangulo, ABC
KERBY J. SALAZAR, Kagawad
MARIO C. AMANTE, Kagawad